



Mga Posey Bed sa mga Ospital

Ang mga Posey bed ay ginagamit sa mga ospital para maiwasang umalis ang mga pasyente sa highang pang-ospital nang walang umaalalay. Ang mga highang ito ay ginagamit nang mas madalas sa mga nasa hustong gulang kaysa sa mga bata. Inilalabas ng DDS ang bulletin na ito para ipaalam sa iyo ang tungkol sa paggamit sa mga ito at para mag-alok ng mga mungkahi tungkol sa mga dapat isaalang-alang kung gumagamit ang ospital ng Posey Bed.

Ano ang Posey Bed?

Ang Posey Bed ay isang pambakod na tulad ng tolda na lubusang tumatakip sa kamang pang-ospital. Dapat i-unzip ng isang tao sa labas ng kama ang isa sa mga flap ng tolda bago makalabas sa kama ang indibidwal.

Maaaring gumamit ang mga ospital ng mga Posey Bed para sa ilang indibidwal na pinaglilingkuran ng mga regional center. Dapat iatas ng isang doktor o lisensyadong propesyonal na awtorisado ng ospital ang paggamit sa mga ito.



Ayon sa manwal ng user, maaaring gamitin ang Posey Bed para mapigilan ang mga pasyenteng nasa panganib ng malubhang pinsala mula sa pagkakahulog kapag umalis sa kama nang walang alalay, kasama ang mga indibidwal na may:

- Malubhang osteoporosis, malubhang panganib na mabalian ng buto, o problemang musculoskeletal;
- Ginagamit na mga anticoagulant;
- Hindi sapat na kalamnan, taba, o tisyu para mapagaan ang epekto ng pagkahulog;
- Kasaysayan ng malubhang trauma mula sa isang dating pagkahulog;
- Mga kondisyon na nagdudulot ng hindi mapigilang paggalaw; o
- Hindi normal ang kamalayan o pagkakabatid tungkol sa puwesto.

Video na Nagbibigay ng Pangkalahatang-Ideya mula sa Highgate Healthcare*:

<https://www.youtube.com/watch?v=iG4oH1z2GiQ>

Manwal ng User ng Posey Bed 8070 Model*:

https://www.4mdmedical.com/media/attachment/file/p/o/posey-bed-8070_user-manual.pdf

*Ang impormasyong ito ay hindi nagpapahiwatig ng anumang pag-eendorso.



Ang mga Bulletin sa Kagalingan at Kaligtasan ay gawa ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad upang alertuhan ang mga regional center, tagapagkaloob ng serbisyo, at mga tao na may mga kapansanang intelektwal at kapansanan sa pag-unlad tungkol sa mga partikular na panganib na natukoy sa loob ng ating mga komunidad. Mangyaring magbigay ng feedback tungkol sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin nang mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: [Survey sa Bulletin](#)

Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang para sa mga Regional Center Tungkol sa mga Posey Bed



Makipag-usap sa mga kawani tungkol sa kung ang kama ay para mapigilan ang pisikal na pinsala sa isang pasyente na nasa napipintong panganib.



Subaybayan ang anumang any pagbabago sa katayuang pangkaisipan, panloob na kalagayan (mood), agresyon, o pag-uugaling nakakapanakit ng sarili pagkatapos gamitin ang isang Posey Bed.

Makipagtulungan sa pasilidad na kumuha ng mga panlabas na ahensya na naglalaan ng mga kawani/manggagawa (staffing agency) upang magkaloob ng pagbabantay at suporta (hal. respite care) o pagdala ng mga mapagkukunan patungkol sa pag-uugali para makatulong sa pasilidad.



Patuloy na suriin ang antas ng pagkilos, mga pagbabago sa motor skills, at pangkalahatang pagkilos ng indibidwal.



Pag-aralan ang mga alternatibong hindi gaanong nakakapagpigil tulad ng isa-sa-isang pagbabantay, pagtuturo sa mga pasyenteng gumamit ng call button, pagtuturo sa mga kawani tungkol sa mga senyales ng indibidwal, o mga pressure pad.



Abisuhan ang pamunuan ng regional center o supervisor ng tagapangasiwa ng serbisyo kapag ginamit ang isang Posey Bed at subaybayan ang paggamit ng Posey Bed.

Maaaring Magdulot ang Paggamit ng Posey Bed ng:

- Malaking pagbabago sa katayuang pangkaisipan, kasama na ang depresyon;
- Biglaang pagbabago sa damdamin (mood) na nakakapagdulot ng pagbabago sa mga kondisyong medikal;
- Paglala ng agresyon o mga pag-uugaling nakakapanakit ng sarili; at
- Paglala ng antas ng pagkilos o pagkilos nang mag-isa.

Hindi dapat gamitin ang Posey Bed para sa mga indibidwal na:

- Nakakaalis nang ligtas sa kama nang walang alalay; o
- May hindi kontroladong paggalaw ng kalamnan na nakakapanatili sa kama na may harang sa gilid.

Hindi dapat gamitin ang Posey Bed para sa mga indibidwal na:

- May pag-uugaling marahas o nakakapanakit ng sarili;
- May labis na Pica eating disorder; o
- Claustrophobic o maaaring maging claustrophobic.
- May timbang na mahigit 300 pounds o mas mababa sa 46 pounds, o may taas na mababa sa 46 pulgada



Ang mga Bulletin sa Kagalingan at Kaligtasan ay gawa ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad upang alertuhan ang mga regional center, tagapagkaloob ng serbisyo, at mga tao na may mga kapansanang intelektwal at kapansanan sa pag-unlad tungkol sa mga partikular na panganib na natukoy sa loob ng ating mga komunidad. Mangyaring magbigay ng feedback tungkol sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin nang mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: [Survey sa Bulletin](#)